**Pamagat**: Ang Panalangin ni Nehemiah

**Texto**: Nehemiah 1:5 "And said, I beseech thee, O LORD God of heaven, the great and terrible God, that keepeth covenant and mercy for them that love him and observe his commandments:"
*Pagsasalin*: Aking sinabi "O, PANGINOONG Diyos ng langit, ang dakila at kasindak-sindak na Diyos, na nag-iingat ng tipan at awa sa kanila na umiibig sa kanya, at tumutupad sa kanyang mga utos; (Nehemias 1:5)

**Panimula**:

1. Pumaroon si Nehemiah sa Jerusalem makalipas ang labintatlong taon noong bumalik si Ezra.
2. Si Ezra ay pari, at nagtuturo ng mga religious principles (temple building) pero si Nehemiah ay isang civil leader (Gobernador) at siya ang magtataguyod ng pader – at dahil dito ang Jerusalem ay magiging pinatibay na lungsod ulit.
3. Si Nehemiah ay isang tao ng panalangin. At sa tulong ng Diyos matututunan natin ang ilang mga mahalagang aspeto ng pananalangin.

**I. Pagkakilala ng Diyos**: (v.5)

A. PANGINOONG Diyos – Siya ay ang Panginoon at hindi sarili o iba pa.
B. Diyos ng Langit – Manlilikha.
C. Dakila at Kasindak-sindak (kakilakilabot) na Diyos –
D. Tapat at Maawain – handa siya na magpatawad.

**II. Pagtatapat o Pangungumpisal ng Kasalanan**: (v.6-7)

A. "ipinahahayag ang mga kasalanan ng mga anak ni Israel," (v.6)
B. "na aming ipinagkasala laban sa iyo" – v.7 "Kami ay lubhang nagpakahamak laban sa iyo,"
C. "Oo, ako at ang sangbahayan ng aking magulang ay nagkasala:"
D. "at hindi nangagingat ng mga utos, o ng mga palatuntunan man, o ng mga kahatulan, na iyong iniutos sa iyong lingkod na kay Moises." (v.7)
E. Romans 3:9; Galatians 3:22; Romans 3:23 "all have sinned"

**III. Pagkakasundo sa Diyos ayon sa Kanyang Salita** (v.8-10)

A. Alalahanin mo, isinasamo ko sa iyo, ang salita na iyong iniutos sa iyong lingkod na kay Moises,…" (v.8-9)
B. Ano ang mga salita ng Diyos ayon sa Kaligtasan ng kaluluwang makasalanan?
C. Saan tayo dadalhin, balang araw ng ating kamatayan? (v.9) "at dadalhin ko sila sa dakong aking pinili upang patahanin doon ang aking pangalan.
D. Ang kapatawaran ng Diyos ay dahil kay Christo lamang.

**IV. Pagmamakaawa o Pamanhik** (v.11)

A. "Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo," – Pakinggan mo nawa! – ang panalangin ko sa iyo. Dinngin nyo po ang dalangin ko.
B. "paginhawahin mo," – grant him mercy. Bigyan nyo po ako ng dakilang awa! Dakilang grasya!
C. Tingnan mo ang Roma 9:10, 13. Tumawag ka sa Kanya at ikaw ay patatawarin at bibigyan ng buhay na walang hanggan.

**Katapusan**:

1. Narinig ni Nehemiah ang kawawang kondisyon ng Jerusalem at siya ay napaiyak, pero mas mahalaga kaysa sa kanyang pag-iiyak ay ang katotohanan na siya ay nanalangin.
2. Mas mahalaga kaysa sa relasyon niya bilang kaibigan ni Hanani at ilang mga lalake mula sa Judea, ay ang relasyon niya bilang kaibigan ng Panginoong Diyos.
3. Ang tulong na hinihingi ni Nehemiah sa hari ng Persia ay tunay na galing lamang sa Diyos.
4. Nawa makita natin kay Jesu-Cristo ang tulong at grasya ng kaligtasan ng ating kaluluwa.